Pangalan: Jamail Alharthy Domato Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Pagtitiis at Pasasalamat
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Mga alipin ni Allah Subhanahu wa Ta’ala, katakutan natin si Allah ng tunay na pagkatakot sa pamamagitan ng pagtitiis at pasasalamat. Ang bawat tao sa Mundo ay haharap sa dalawang uri ng pagsubok mula kay Allah Subhanahu wa Ta’ala, ito ang mabuti at masama. Kapag ang dalawang ito o isa man sa mga ito ay kanyang nararanasan, tunay na siya ay sinusubok ni Allah. Kapag ang kanyang nararanasan ay mabuti, siya ay magpasalamat kay Allah, - siya ay gagantimpalaan at kalulugdan ni Allah. At kapag ang kanya namang nararanasan ay masama o mabigat na pagsubok subalit ito ay kanyang pinagtiisan, siya rin ay gagantimpalaan at kalulugdan ni Allah. Ito ay tanda ng isang taong may pananampalataya kay Allah. Ang sinumang nagtataglay ng dalawang katangiang ito ay nagtataglay ng ganap na pananampalataya. Siya ay pinagpala ni Allah na magkakamit ng Kanyang gantimpala – ang Jannatul Firdaus. Sinabi ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

ISA IBN MARYAM INC.

عَجَباً لأمْرِ الْمُؤْمِنِ إنَّ أَمْرَهُ كُلَّهُ لَهُ خَيْرٌ، وَلَيْسَ ذَلِكَ لِأَحَدٍ إلاَّ لِلْمُؤْمِنِ: إنْ أَصَابَتْهُ سَرَّاءُ شَكَرَ فَكَانَ خَيْراً لَهُ، وَإِنْ أَصَابَتْهُ ضَرَّاءُ صَبَرَ فَكَانَ خيْراً لَهُ. (رواه مسلم)

“Nakamamangha ang kalagayan ng isang mananampalataya. Katotohanan, ang lahat ng kanyang kalagayan ay mabuti para sa kanya. At ito ay hindi tinataglay ng ninuman maliban sa mananampalataya: kapag siya ay nagkamit ng biyaya ay nagpapasalamat (kay Allah) at iyon ay mabuti para sa kanya. At kapag siya naman ay makaranas ng kahirapan ay nagtitiis at iyon ay mabuti para sa kanya.” (Inulat ni Muslim)

Ang pagtitiis ay may tatlong uri: (1) ang pagtitiis sa pagsunod kay Allah, (2) ang pagtitiis mula sa paggawa ng kasalanan, at (3) ang pagtitiis sa mga pagsubok ni Allah. Ang una ay kung paano mo pagtitiisan ang pagsunod kay Allah nang walang halong pagtanggi o pamimilit sa pagsunod sa kautusan ni Allah. Sapagkat napapaloob dito ang ‘Mashaqqah’ o kahirapan sa pagsasagawa nito gaya ng Salah kung paano mo ito maisagawa sa takdang oras nito. At kabilang dito ang ‘Fi’l’ o pagkilos na nagiging dahilan upang ikaw ay mapagod at maisantabi mo ang iyong mga mahahalagang gawain nang dahil sa Salah. Gayunpaman ito ay pahahalagahan sa atin ni Allah. Ang Zakah ay isa rin sa mga mabibigat na gawain sapagkat nababawasan nito ang iyong kayamanan. Ang hangad ng ating mga sarili ay madagdagan nang madagdagan ang ating mga iniimpok na kayamanan at ayaw natin itong mabawasan. Ito ay dalawa lamang sa mga pagsunod o pagsamba kay Allah na nagtataglay ng Mashaqqah o kahirapan na dapat nating pagtiisan.

Ang pangalawa ay ang pagtitiis mula sa paggawa ng kasalanan. Ito ay kasalungat ng pagsunod kay Allah. Ang lahat ng ipinagbawal ni Allah ay kabilang sa kasalanan gaya ng pag-inom ng alak, pangangalunya, pagnanakaw, at iba pang bagay na ipinagbawal ni Allah. At ang pangatlo ay ang pagtitiis sa mga pagsubok ni Allah. Sinabi ng Rasulullah (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

مَا يَزَالُ البَلاءُ بِالمُؤْمِنِ وَالمُؤْمِنَةِ فِي نَفْسِهِ وَوَلَدِهِ وَمَالِهِ حَتَّى يَلقَى اللهَ تَعَالَى وَمَا عَلَيهِ خَطِيئَةٌ. (رواه الترمذي)

“Hindi maglalaho ang pagsubok sa isang mananampalatayang lalaki at mananampalatayang babae sa kanyang sarili, sa kanyang anak, at sa kanyang kayamanan o ari-arian, hanggang sa dumating siya kay Allah na wala siyang bahid ng kasalanan.” (Inulat ni At-Tirmidhi)

Ang ibig sabihin ng Hadith na ito mga minamahal kong kapatid sa pananampalataya, kapag ang mananampalataya ay sinubok ni Allah, iyon ay pagpapatawad mula kay Allah. Ngunit kapag ang hindi mananampalataya ay sinubok ni Allah, iyon ay parusa sa kanya mula kay Allah dito sa Mundo bago pa man sya dumating sa kabilang-buhay.

Si Allah ay nagbigay ng magandang balita para sa mga taong matiisin. Siya ay nagsabi:

﴿ وَبَشِّرِ الصَّابِرِينَ (155) الَّذِينَ إِذَا أَصَابَتْهُم مُّصِيبَةٌ قَالُوا إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ (156) ﴾
سورة البقرة: 155-156

"At magbigay ng magandang balita para sa mga matiisin. Sila yaong nagsasabi kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan: 'Tunay na kami ay nagmula kay Allah at tunay na kami ay muling magbabalik sa Kanya.'" (Surah Al-Baqarah: 155-156)

Ang lahat ng katibayan na nabanggit ay nagpapatunay na ang Muslim ay labis na nangangailangan ng pagtitiis. Siya ay dapat magtaglay nito upang maging maayos ang takbo ng kanyang buhay dito sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay, at upang makamit niya ang mga pagpapala at kabutihan na kanyang inaasam.

Ang pasasalamat ay kabilang sa mga pinakamaiinam na katangian ng Muslim na kinalulugdan ni Allah. Sa pamamagitan nito ay dinadagdagan ni Allah ang ating mga biyaya. Kung gaano kadalas ang pagpapasalamat mo kay Allah sa mga biyayang ipinagkakaloob Niya sa iyo, kaunti man ito o marami ay gayundin naman ang katumbas nitong biyaya na ipagkakaloob sa iyo ni Allah. Mga kapatid, isa ito sa mga sekretong 'amal o gawain upang dumami ang biyaya mula kay Allah. Si Allah ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ لَئِن شَكَرْتُمْ لَأَزِيدَنَّكُمْ ﴾ سورة إبراهيم: 7

"Kung magpapasalamat kayo ay dadagdagan ko ang biyaya Ko sa inyo." (Surah Ibrahim: 7)

Subalit ang nakalulungkot mga kapatid, sa panahon natin ngayon kapag tayo ay na bankrupt o nalugi sa negosyo ay sinisisi pa natin si Allah. Ang sinasabi ng ilan, 'napakamalas naman ng panahon ngayon'. Hindi ba natin alam na ang katagang ito ay haram? Hindi ba natin alam na ang lahat ng nangyayari ay ayon

sa pagtatakda ni Allah? Hindi ba natin alam na ang panahon ay si Allah? Katotohanang ipinagbawal sa atin ng Rasulullah (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ang pagmura sa panahon sapagkat ang nangangasiwa nito ay si Allah. Ngunit kapatid ano ba ang tunay na pasasalamat kay Allah? Ito ba ang pagsasabi lamang ng ‘Alhamdulillah’? O kaya ‘salamat kay Allah’? Ang mga katagang ito ay hindi sapat. Bagkus ang tunay na pasasalamat kay Allah ay ang pagsunod sa Kanyang mga kautusan at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

Nabanggit sa isang Hadith na isinalaysay ni ‘Aishah (radhiyallahu ‘anha), isang gabi ang Rasulullah (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsasagawa ng Qiyamul-layl o Tahajud hanggang sa ang kanyang mga paa ay nanghihina. Tinanong siya ni ‘Aishah (radhiyallahu ‘anha): ‘Bakit mo ito ginagawa o sugo ng Allah? Hindi ba ipinatawad na ni Allah ang iyong kasalanan at ang iyong magiging kasalanan?’ Ang tugon sa kanya ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

يا عَائِشَةُ أَفلا أَكُونُ عَبْدًا شَكُورًا. (رواه مسلم)

“O ‘Aishah, hindi ba marapat na ako ay maging mapagpasalamat (kay Allah)? nagpapasalamat? (Inulat ni Muslim)

Sinabi ni Ibn kathir (rahimahullah) ay nagsabi, “Magsipaggawa kayo ng mga mabubuting gawa sapagkat iyan ay tanda na kayo ay kabilang sa mga taong mapagpasalamat.”

Mga alipin ni Allah, ang mga nabanggit nating dalawang katangian: ang Sabr o pagtitiis at Shukr o pasasalamat, ay kabilang sa mga dahilan upang makamit natin ang kaluguran ni Allah, at ang sinumang kinalulugdan ni Allah ay walang alinlangang magtatagumpay sa mundo at sa kabilang-buhay. Ibilang nawa tayo ni Allah sa mga taong matiisin at mapagpasalamat sa Kanya at buksan sa atin ang lahat ng kabutihan sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay. Allahumma ameen.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***